

**GRADES: KINDERGARTEN-HIGH SCHOOL**

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng Mag-aaral

## KASAMA SA GABAY NA ITO ANG

- Isang pangkalahatang-ideya ng ilan sa mga pangunahing bagay na matutunan ng inyong anak English/Literacy at Math sa Kindergarten hanggang High School
- Mga ideya para sa mga aktibidad na matutulungan ang inyong anak na matuto sa bahay
- Mga paksa para sa pakikipag-usap sa guro ng inyong anak tungkol sa kanyang pang-akademikong pag-unlad

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng isang pangkalahatang-ideya kung ano matututunan ng inyong anak sa pagtatapos ng kindergarten sa mathematics at English language arts/literacy. Ang gabay na ito ay batay sa bagong Common Core State Standards, na pinagtibay ng higit sa 45 na mga estado. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan sa na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, siya ay mabuting nakahanda para sa 1st grade.

## KINDERGARTEN

### Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan—isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtutulong para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa Kindergarten

- Pangalanan ang mga malalaki at maliliit na mga titik, itugma ang mga ito sa kanilang tunog, at isulat ang mga ito.
- Ang paghahambing ng mga pakikipagsapalaran at karanasan ng mga character sa pamilyar na mga kuwento, tulad ng fairy tale at folktales
- Pagkwento ng mga pamilyar na kuwento at pag-uusap ng mga naikuwento sa kanila gamit ang mga detalyeng galing sa texto
- Paggamit ng kumbinasyon ng pagguhit, pagsabi, at pagsulat para maisalarawan ang isang pangyayari, kasama na ang kanyang reaksyon sa nangyari
- Pagsasabi ng opinyon o kagustuhan tungkol sa isang paksa o aklat sa pamamagitan ng pagsulat, *Ang aking paboritong libro ay...*
- Pakikibahagi sa mga usapan sa silid aralan at pagsunod sa mga patakaran sa talakayan (tulad ng pagtututong makinig sa iba at pakikipagsalitan sa pagsasalita)
- Nagsasalita ng malinaw para maipahayag ang mga naiisip, nararamdaman, mga ideya, kasama ang paglalarawan sa mga kilalang tao, lugar, bagay, at mga pangyayari.
- Pagtanong at pagsagot sa mga tanong tungkol sa mga importanteng detalye sa mga kuwento o pagbasa ng malakas ng iba pang impormasyon
- Pag-unawa at paggamit ng mga salitang patanong (tulad ng *sino, ano, saan, kailan, bakit, paano*) sa mga talakayan
- Pagtututong makakilala, mag-spell, at tamang makagamit ng mga maliliit na salita sa grammar na bumubuo sa wika (*Halimbawa, a, the, to, of, from, I, is, are*)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

### Pagpapanatiling naka-focus ang pag-uusap.

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa kindergarten, kinabibilangan nito ang:

- Paggamit ng kaalaman sa mga titik at ang tamang tunog ng mga titik upang malaman kung paano i-spell ang mga salita ayon sa tunog nila
- Pagbasa at pag-unawa ng kuwento na idinisenyo para sa mga bagong mambabasa
- Humiling na makita ang isang sample ng trabaho ng inyong anak. Itanong sa guro ang mga tulad ng: Ito bang trabaho na ito ay pasado? Paano ito mas mapapahusay? Ang anak ko ba ay on-track? Paano ko matutulungan ang aking anak na mapabuti o gumaling sa bagay na ito? May mga mapagkukunan ba ng tulong sa labas ng classroom kung kailangan ng anak ko ng karagdagang suporta o kung gusto nya pang matutunan ang isang subject?

# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa Kindergarten

- Pagbilang ng mga bagay upang masabi kung ilan ang mga ito
- Ang paghahambing ng dalawang grupo at masabi kung alin sa mga ito, kung alinman, ang may mas marami; paghahambing ng dalawang nakasulat na numero at masabi kung alin sa mga ito ang mas malaki
- Pagsalaysay ng mga addition at subtraction word problems at pagguhit ng mga diagram para kumatawan sa mga ito
- Pag-add na may sagot na 10 o mas mababa; pag-subtract sa number 10 o mas mababa; at pag-solve ng mga addition at subtraction word problem
- Pag-add at pag-subtract ng napakaliit na mga numero ng mabilis at eksakto (eg,  $3 + 1$ )
- Tamang pagbibigay ng pangalan sa mga hugis anuman ang puwesto o laki nito  
(Halimbawa, isang parisukat na nakapuwestong pa "diyamante" ay isang parisukat pa rin)

**Pakikipag-usap sa Guro ng Iyong Anak**

## Pagpapanatiling naka-focus ang pag-uusap.

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa kindergarten, kinabibilangan nito ang:

- Pagbilang upang masabi kung ilan ang mga bagay (hindi ito nakasulat na gawain; tanungin ang mga obserbasyon ng guro sa progress ng inyong anak sa bagay na ito)
- Paglutas ng addition at subtraction word problems

## Tulongan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Magbasa kasama ang inyong anak araw-araw. Tanungin ang iyong mga anak upang ipaliwanag niya ang kanyang mga paboritong bahagi ng kuwento. Ibahagi ang iyong sariling mga ideya. Upang makahanap ng iba pang libro para mabasa ng inyong, bisitahin ang [www.corestandards.org/assets/Appendix\\_B.pdf](http://www.corestandards.org/assets/Appendix_B.pdf)
- Hikayatin ang inyong anak na sabihin sa iyo ang tungkol sa kanyang araw sa paaralan
- Sabihin ang anak na ilarawan ang isang litrato sa iyo

### Mathematics

- Tanungin ang inyong mga anak ng mga tanong na kinakailangan silang magbilang ng mga bagay na hanggang kasing dami ng 20 Halimbawa, itanong, "marami bang bata na may mas marami pang 20 libro tungkol sa mga wild animals?"
- Tanungin ang inyong anak ng mga bagay na naghahambing sa mga numero. "Sinong mas maraming suot na bracelet, ikaw o ang kapatid mo?" (Maaaring gumamit ng pagkumpara ang inyong anak o pagbilang sa mga ito para makuha ang sagot)

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng matututunan ng inyong anak sa katapusan ng 1st grade sa matematika at English language arts/literacy. Ang gabay na ito ay batay sa bagong Common Core State Standards, na pinagtibay ng higit sa 45 na mga estado. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan sa na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, siya ay mabuting nakahanda para sa 2nd grade.

1ST GRADE

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan —isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtutulong para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 1st Grade

- Paggamit ng phonics (pagtutugma ng mga titik at tunog) at kakayahang sa pag-analisa ng mga salita para malaman ang mga di-pamilyar na salita kapag nagbabasa at nagsusulat
- Pagkuha ng mga katotohanan at impormasyon mula sa iba't ibang mga kasulatan
- Pagsusulat tungkol sa isang paksa, pagbibigay ng ilang mga katotohanan, at pagbibigay ng kabuluhan sa pagbubukas at pagsasara
- Pakikibahagi sa mga usapan tungkol sa mga paksa at mga tekstong pinag-aaralan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga komento ng iba at pagtatanong upang luminaw ang anumang kalituhan
- Paggawa at pagpapalawak ng mga kumpletong simple at magkakasamang pahayag, tanong, utos, at damdamin
- Ang pagkilala ang tamang kahulugan para sa isang salita na may maraming kahulugan, batay sa mga pangungusap o talata sa kung saan ginagamit ang salita (halimbawa, sa pagpapasya kung ang salitang *bat* ay nangangahulugang isang lumilipad na mammal o isang pamalo na ginagamit sa baseball)
- Natututong pag-isipan ang mga mas pinong kaibahan ng mga salitang halos magkakatulad ang kahulugan (tulad ng *marching, prancing, strutting, strolling, walking*)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 1st grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pagbabasa ng mga grade-level text na naiintindihan ng mabuti
- Natututo, natutuwa, at nakakuha ng mga katotohanan sa mga librong binabasa o pinapakinggan niya

# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 1st Grade

- Pag-solve sa mga addition at subtraction word problems sa situation ng pagdagdag, pagkuha sa iba, pagsasama-sama, paghiwalay, at pagkumpara (isang halimbawa ng pagkuha sa iba ay: "Limang mansanas ang nasa mesa. Kinain ko ang ilan sa mga mansanas. Pagkatapos may tatlong mansanas na lang. Gaano karaming mga mansanas ang kinain ko? ")
- Mabilis at eksaktong pag-add na may sagot na 10 o mas mababa, at mabilis at eksaktong pag-subtract sa number 10 o mas mababa (halimbawa,  $2 + 5$ ,  $7 - 5$ )
- Ang pag-unawa kung ano ang ibig sabihin ng mga digit sa dalawang-digit na mga numero (*place value*)
- Paggamit ng pag-unawa sa place value sa pag-add at pag-subtract (e.g.,  $38 + 5$ ,  $29 + 20$ ,  $64 + 27$ ,  $80 - 50$ )
- Pagsukat ng haba ng mga bagay sa pamamagitan ng paggamit ng mas maikling bagay bilang isang unit of length
- Paggawa ng mga pinaghalong hugis sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga hugis, at paghati ng mga bilog at parihaba sa dalawa o sa apat

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 1st grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pag-add na may sagot na 20 o mas mababa at pag-subtract sa number 20 o mas mababa (hindi ito written work; tanungin ang obserbasyon ng guro sa progress ng inyong anak sa bagay na ito)
- Paggamit ng pag-unawa sa place value sa pag-add at pag-subtract
- Paglutas ng addition at subtraction word problems

## Tulongan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Hikayatin ang inyong anak na basahan ka ng libro tulad ng *Little Bear* na isinulat ni Else Holmelund Minarik. Tulongan siyang bigkasin ang mga mahihirap na salita. Upang makahanap ng iba pang libro para mabasa ng inyong, bisitahin ang [www.corestandards.org/assets/Appendix\\_B.pdf](http://www.corestandards.org/assets/Appendix_B.pdf)
- Pumili ng "word of the day" araw-araw na iba't iba ang panimulang titik
- Ipasulat ang salita sa inyong anak at humanap pa ng ibang bagay na nagsisimula sa parehong titik

### Mathematics

- Maghanap ng mga "word problem" sa tunay na buhay. Ilan sa mga halimbawa na para sa Grade 1 ay:
- Kung magbubukas ka ng isang bagong karton ng isang dosenang itlog, at gumamit ka ng apat na itlog para magluto, isara ang karton at tanungin ang inyong anak kung ilang itlog ang naiwan
  - Maglaro ng "may iniisip akong numero" na laro. Halimbawa, "may iniisip akong numero na nagiging 11 kapag idinagdag sa 8. Ano ang aking numero? "

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng matututunan ng inyong anak sa katapusan ng 2nd grade sa matematika at English language arts/literacy. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihing nakahanda siyang mabuti para sa 3rd grade.

2ND GRADE

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan—isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtulungan para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 2nd Grade

- Pagtutuo ng pansin sa mga detalye, kasama na ang mga guhit at larawan, sa mga kwento at librong dapat sagutan ang mga tanong na *sino, ano, saan, kailan, bakit, at paano*
- Pagtukoy sa aral o moral ng mga kuwento, fables, at folktales
- Ang paggamit ng mga text features (halimbawa, mga caption, mga naka-bold print, ini-index) para madaling mahanap ang mga mahahalagang katotohanan o impormasyon
- Pagsusulat ng opinyon tungkol sa isang librong kanyang nabasa, gamit ang mga importanteng detalye na sumusuporta opinyong iyon
- Pagsusulat ng mga kwento na may maikling pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at mayroong simula, gitna, at wakas
- Pakikibahagi sa mga usapan sa pamamagitan ng pag-konekta ng kanyang komento sa mga sinasabi ng iba at pagtanong at pagsagot sa mga tanong para makakuha pa ng karagdagang impormasyon o palalimin pa pagkakaunawa sa paksa
- Pagsasabi ng mga mahahalagang impormasyon o mga ideya na galing sa media o mga librong binasa sa kanya
- Paggawa, pagpapalawak, at pag-iiba ng ayos (halimbawa, "Ang batang lalaki ay nanood ng pelikula"; "Napanood ng maliit na batang lalaki ang pelikula"; "Ang pelikulang aksyon ay napanood ng maliit na batang lalaki")
- Pagtukoy sa mga kahulugan ng mga bagong salita na nabuo kapag ang isang kilalang prefix o suffix ay idinagdag sa isang kilalang salita (happy/unhap- py; pain/painful/painless)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Iyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 2nd grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pagbasa sa mga grade-level na aklat at mga kwento na may maayos na pag unawa
- Pagbuo ng isang pundasyon ng kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig sa mga aklat sa kasaysayan/social studies, science, at iba pang mga subject

# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 2nd Grade

- Paglutas ng mga mahihirap na addition at subtraction word problems na may "one o two steps" (halimbawa, ang "one-step" problem ay maaring: "Mas kaunti ng 23 ang mga mansanas ni Lucy kaysa kay Julie. Si Julie ay may 47 na mansanas. Gaano karaming mansanas mayroon si Lucy? ")
- Mabilis at eksaktong pag add na may sagot na 20 o mas mababa (Eg,  $11 + 8$ ); mabilis at eksaktong pag-subtract sa number 20 o mas mababa (eg,  $16-9$ ); at pag-memorize ng sagot sa lahat ng pag-add ng one-digit numbers
- Ang pag-unawa kung ano ang ibig sabihin ng mga digit sa tatlong-digit na mga numero (*place value*)
- Paggamit ng pag-unawa sa place value para makapag-add at makapag-subtract ng three- digit na numero (eg,  $811-367$ ); ang pag-add at pag-subtract ng dalawang-digit na mga numero ng mabilis at tama (eg,  $77-28$ )
- Paglutas ng mga addition at subtraction word problems na may kinalaman sa haba (halimbawa, "ang bolpen ay mas mahaba ng 2 cm kaysa sa lapis. Kung ang lapis ay 7 cm ang haba, gaano kahaba ang bolpen? ")
- Pagbuo, pagguhit, at pag-analyze ng 2-D at 3-D shapes para makabuo ng pundasyon para sa area, volume, at geometry para sa mga susunod na grade level

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihing nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 2nd grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Paggamit ng pag-unawa sa place value sa pag-add at pag-subtract
- Paglutas ng mga mas mahihirap na addition at subtraction word problems
- Pagsukat ng haba, at paglutas ng mga word problem na may addition at subtraction ng mga haba

## Tulungan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Magbasa sa bahay araw-araw at tulungan ang inyong anak sa pamamagitan ng pakikipagsalitan sa pagbasa ng mga talata Upang makahanap ng iba pang libro para mabasa ng inyong anak, bisitahin ang [www.corestandards.org/assets/Appendix\\_B.pdf](http://www.corestandards.org/assets/Appendix_B.pdf)
- Pasulatin ang anak ng "thank you note" o ng liham para sa mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan

### Mathematics

- Maghanap ng mga "word problem" sa tunay na buhay. Ang mga halimbawa na pang grade 2 ay:
- Kung nag-iipon para mabili ang isang bagay, ikumpara ang presyo ng bagay na ito sa halaga ng pera na meron ka: pagkatapos ay tanungin ang inyong anak kung magkano pa ang kailangan nya para mabili na ang bagay na iyon
  - Maglaro ng "draw the shape" Halimbawa, ipaguhit sa inyong anak ang isang hexagon na mas mahaba ang isang gilid sa iba, o pakulayan sa kanya ang isang bahagi ng parihaba.

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng matututunan ng inyong anak sa katapusan ng 3rd grade sa matematika at English language arts/literacy. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihing nakahanda siyang mabuti para sa 4th grade.

3RD GRADE

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan—isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtulungan para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 3rd Grade

- Pagbabasa ng mabuti para mahanap ang mismong mga ideya at mga sumusuportang detalye ng isang kwento
- Paglalarawan ng lohikal na koneksyon sa pagitan ng mga pangungusap at mga talata sa kwento (mhalimbawa, una, pangalawa, pangatlo; dahilan at epekto)
- Pagkukumpara sa mga pinakamahahalagang punto at detalye ng dalawang libro na pareho ang paksang tinatalakay
- Pagsulat ng mga opinyon o eksplanasyon na nagsasama-sama sa mga may mga kinalamang impormasyon at makabuo ng mga paksa mula sa mga katotohanan at detalye
- Pagsusulat ng mga kwento na naglalahad ng sitwasyon na may kasamang mga detalye at malinaw na pagkakakasunod-sunod ng mga pangyayari na naglalahad ng galaw, isip, at damdamin ng mga tauhan sa kwento
- Sariling makagawa ng mga maiiikling research project na nakabubuo ng kaalaman tungkol sa iba't ibang paksa
- Pagtatanong at pagsagot sa mga tanong tungkol sa mga impormasyong kanyang narinig mula sa isang nagsasalita o habang sumasali sa mga diskusyon sa classroom, pagbibigay ng anghop na pagpapalawak at detalye para sa karagdagan ng mga sinabi na ng iba
- Pagbabasa ng mga kwento at mga tula ng malakas at tama, na hindi tumutugil para isipin kung anong kahulugan ng bawat salita
- Pag-alam ng literal at di-literal na kahulugan ng mga salita, tulad ng *"something's fishy"* at *"cold shoulder"*
- Pag-spell ng tama at pagtingin sa mga diksyunaryo para linawin ang kahulugan ng mga salita

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatiliing nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahahalagang paksa. Sa 3rd grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Mahusay na pagbasa ng mga grade-level na aklat, mga kwento, tula, at mga artikulo
- Mahusay sa pagsulat at pagsalita, alinsunod sa mga patakaran ng punctuation at grammar
- Pagbasa sa mga grade-level na aklat at mga kwento na may maayos na pag unawa
- Pagbuo ng isang pundasyon ng kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig ng mga aklat sa kasaysayan/social studies, science, at iba pang mga subject



# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 3rd Grade

- Pag-multiply ang pag-divide hanggang sa  $10 \times 10$  ng mabilis at tama, kasama na ang pagsaulo ng “times table”
- Paglutas sa mga word problems gamit ang addition, subtraction, multiplication at division
- Pagsisimulang mag-multiply ng mga numerong higit sa isa ang digit  
(Halimbawa, pag-multiply ng  $9 \times 80$ )
- Pag-unawa ng mga fraction at pag-uugnay nito sa mas pamilyar na sistema ng “whole numbers” (halimbawa, alam na ang  $3/1$  at  $3$  ay pareho)
- Pagsukat at pagtanya ng mga timbang at liquid volume, at paglutas ng mga word problems na may kinalaman sa mga bagay na ito
- Pagdadahilan tungkol sa mga hugis (halimbawa, ang lahat ng parisukat ay parihaba ngunit hindi lahat ng parihaba ay parisukat)
- Pagkuha ng mga “area” ng mga hugis, at pag-uugnay nito sa multiplication (halimbawa, bakit nakukuha ang bilang ng square feet ng silid na may sukat na 9-foot by 7-foot kapag minultiply mo ang  $9 \times 7$ ?)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 3rd grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Multiplication at division
- Mga Fraction

## Tulungan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Gawing bahagi ng pang araw-araw na gawain ng inyong anak ang pagbabasa
- Hikayatin ang inyong anak na maghanap ng isang larawan mula sa pahayagan o magazine, gupitin ito, i-paste ito sa papel, at magsulat ng isang kwento tungkol dito
- Magsimula ng isang family vocabulary box o garapon Pasulatin ang bawat isa ng mga bagong salitang kanilang na-discover, ilagay ito sa box, at gamitin ito sa mga usapan

### Mathematics

- Maghanap ng mga “word problem” sa tunay na buhay. Ang ilang mga halimbawa para sa Grade 3 ay:
- Pansinin ang mga pang araw-araw na okasyon na nakikita mo ang sarili mo na gumagamit ng “times table” – tulad ng pagbilang kung ilang araw mayroon sa apat na linggo. Tanungin ang inyong mga anak para sa kasagutan.
  - Isali ang inyong anak kapag nahuli mo ang sarili na gumagamit ng division na mag “work backward” sa times table – tulad ng pag alam kung ilang kendi ang makukuha ng isang bata kung hatiing pantay pantay ang 36 na kendi sa siyam na bata sa party

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng matututunan ng inyong anak sa katapusan ng 4th grade sa matematika at English language arts/literacy. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihing nakahanda siyang mabuti para sa 5th grade.

4TH GRADE

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan—isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtulungan para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 4th Grade

- Paglalarawan sa mga pangunahing elemento ng kwento – tulad ng mga tauhan, kaganapan, at kalagayan – sa pamamagitan ng pagguhit ng mga partikular na detalye sa nakasulat
- Pagtutuon ng pansin sa mga pangunahing tampok ng informational books at mga articles: kasama dito ang pag unawa sa mga pangunahin at sumusuportang mga ideya; kakayahang magkumpara at sabihin ang pagkakaiba ng mga impormasyon; pagpapaliwanag kung paano ginagamit ng may akda ang mga katotohanan, detalye, at ebidensya para suportahan ang mga partikular na punto
- Pagkumpara ng mga ideya, tauhan, pangyayari at kalagayan ng mga kwento at kababalaghang mula sa iba't ibang kultura
- Pagsusulat ng mga buod at opinyon tungkol sa mga paksa na sinusupportahan ng mga napaka-ayos na mga katotohanan, detalye, at mga halimbawa
- Sariling makagawa ng maiiksing research projects tungkol sa mga iba't ibang aspeto ng isang paksa gamit ang ebidensyang galing sa mga libro at internet
- Pagsasabi sa ibang paraan at pagtugon sa mga impormasyong ipinirisinta sa mga diskusyon, tulad ng pagkumpara at paglalahad ng pagkakaiba ng mga ideya at pagsusuri ng mga ebidensya na ginamit ng mga nagsasalita para suportahan ang mga partikular na punto
- Pag-uulat ng pasalita tungkol sa isang paksa o paglalahad ng kwento na may sapat na bilang ng mga katotohanan at detalye
- Pagsusulat ng kumpletong mga pangungusap na may tamang capitalization at spelling
- Pag uugnay sa mga salita na karaniwan sa pagbasa sa mga salitang magkasing-kahulugan (*synonyms*) at sa kanilang mga kabaligtaran (*antonyms*)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Iyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 4th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pag unawa sa isang hanay ng mga grade-level na kwento, tula, at mga nakasulat na impormasyon tulad ng talambuhay, artikulo, o mga guidebook tungkol sa kasaysayan, science, o arts
- Pagbuo ng pag unawa sa mga relasyon sa pagitan ng mga salita at panggulo sa kahulugan ng mga salita- *kasingkahulugan, kasalungat, idioms* -at paggamit ng kaalamang ito para eksaktong masagi ang mga ideya

# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 4th Grade

- Paggamit ng whole-number arithmetic para malutas ang mga word problems, kasama na ang mga problema na may “remainders”, o sobra, at mga problemang may mga sukat
- Mabilis at tamang pag-add at pag-subtract ng mga whole numbers  
(mga numero hanggang sa 1 milyon)
- Pag-multiply at pag-divide ng maraming digit na numero sa mga simpleng kaso  
(Halimbawa, pag-multiply ng  $1,638 \times 7$  o  $24 \times 17$ , at pag-divide ng 6,966 sa pamamagitan ng 6)
- Pag-unawa at paglalapat ng mga katumbas na fraction  
(e.g., pagkilala na ang  $1/4$  ay mas mababa sa  $3/8$  dahil ang  $8/2$  ay mas mababa sa  $3/8$ )
- Pag-add, pag-subtract, at pag-multiply ng mga fractions sa simpleng kaso  
(Tulad ng  $2\ 3/4 - 1\ 1/4$  o  $3 \times 5/8$ ), at paglutas ng mga katulad pang word problems
- Pag-unawa sa mga simpleng decimal sa mga tuntunin ng fraction  
(e.g., muling pagsusulat ng 0.62 bilang  $62/100$ )
- Pagsukat ng mga anggulo at paghahanap ng mga hindi kilalang mga anggulo sa isang diagram

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihing nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 4th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Paggawa ng arithmetic at paglutas ng mga word problems na may multi-digit number
- Paggawa ng arithmetic at paglutas ng word problems na may fractions

## Tulongan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Pilitin ang inyong anak na gumamit ng mga lohikal na argumento sa pag-depensa na kanyang opinyon Kung gusto ng inyong anak ng dagdag sa allowance, pasaliksikin mo sya ng mga “commonsense allowance system, at base sa pananaliksik na ito, ipapaliwanag mo sa kanya ang mga dahilan kung bakit, na suportado ng mga katotohanan at detalye
- Pag usapan ang mga balita ng magkasama Pumili ng isa kuwento sa balita, basahin ito nang magkasama, at talakayin kasama ang inyong anak kung ano ang ibig sabihin nito

### Mathematics

- Utusan ang inyong anak na maghambing ng mga numero at gumamit ng mga parirala tulad ng “beses na mas marami” Halimbawa, kung ang pusa ninyo ay may bigat na 8 lbs. at ang aso ninyo ay may bigat na 56 lbs., ilang beses na mas mabigat ang aso?
- Hilingin ang inyong anak na tulongan kang maghambing ng fractional amounts – halimbawa, kung ang isang recipe ay kinakailangan ng  $2/3$  na tasa ng mantika, ngunit ang isa naman recipe ay kinakailangan ng  $3/4$  na tasa ng mantika, anong recipe ang nangangailangan ng mas maraming mantika? (Sa grade 5, matututunan ng inyong anak ang mga paraan para malaman kung gaanong kadamang mantika)

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng matututunan ng inyong anak sa katapusan ng 5th grade sa matematika at English language arts/literacy. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihing nakahanda siyang mabuti para sa 6th grade.

5TH GRADE

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan—isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtulungan para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 5th Grade

- Pagbuod ng mga importanteng detalye ng mga kwento, drama, tula, at mga materyal na nonfiction, pati na ang kanilang mga tema at pangunahin mga ideya
- Pagkilala at paghusga ng mga ebidensya sa sumusuporta sa mga partikular na ideya sa mga argumento ng may akda to mabago ang pananaw ng mambabasa
- Pagsasama-sama ng mga impormasyong galing sa mga naka-imprensa at digital na mapagkukunan para masagot ang mga tanong at malutas ang mga problema
- Pagsusulat ng mga opinyon na nagbibigay ng mga argumentong may rason at makapagbigay ng mga katotohanan at mga halimbawa na lohikal na nakagrupo para suportahan ang pananaw ng sumulat
- Pagsusulat ng mga kwento, totoo man o kathang isip, na natural na nagpapakita at nagbuo ng saysay sa pamamagitan ng dayalugo, paglalarawan, at epektibong pagpasok ng mga aksyon
- Pagpunta ng handa sa mga diskusyon sa classroom, at pagsali ng buo at may pag-iisip sa iba (halimbawa, pag ambag ng mga tama at may kinalamang impormasyon; pagpapalawak pa ng mga sinasabi ng iba; pagbuo ng mga pinagsama-samang mga ideya
- Pag-uulat tungkol sa isang paksa at paglalahad ng opinyon gamit ang sarili niyang mga salita, isang lohikal na pagkakasuno sunod ng mga ideya, sapat na mga katotohanan at detalye, at pormal na Ingles kapag naaangkop
- Pagpapalawak, pagsama-sama, at pagbawas sa mga pangungusap para mapaganda ang kahulugan, interes, at estilo ng pagsusulat
- Pagbuo ng kaalaman ng mga academic words na may diin sa mga salitang nagpapahiwatig ng kaibahan ng ideya o lohikal na relasyon, tulad ng *on the other hand*, *similarly*, at *therefore*
- Paggawa ng mga sulatin gamit ang computer

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 5th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pagbasa ng mabuti at pagkuha ng ebidensya sa mga grade-level fiction at nonfiction na materyales, kabilang ang abilidad na magbanggit ng sinasabi galing sa mga ito ng tama kapag sumasagot ng mga katanungan
- Pagsasaayos ng komunikasyon upang makamit ang isang partikular na layunin (halimbawa, na nagbibigay ng higit pang mga impormasyon para sa mga nakikinig na hindi masyadong alam ang paksa)

# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 5th Grade

- Pag-add at pag-subtract ng mga fractions at unlike denominators  
(Eg,  $21/4 - 11/3$ ), at paglutas ng mga word problems na tulad nito
- Ang pag-multiply ng mga fraction; pag-divide ng mga fractions sa mga simpleng kaso; at paglutas ng mga may kinalamang word problems (halimbawa, ang paghanap ng area ng isang parihaba na may fractional na haba ng mga gilid; pagalam kung ilang  $1/3$ -tasa servings ang nasa 2 tasa ng pasas; pagtukoy ng sukat ng isang bahagi kung 9 na tao ang maghahati ng pantay pantay sa isang 50-pound na sako ng bigas o 3 tao ang maghahati ng pantay pantay sa isang  $1/2$  pound na tsokolate)
- Pag-generalize ng place value system para maisali ang mmga decimal, at pagkalkula ng mga decimal hanggang sa hundredths place (dalawang place tapos ng decimal)
- Ang pag-multiply ng mga buong numero nang mabilis at tumpak, halimbawa  $1638 \times 753$ , at pag-divide ng mga buong numero sa simpleng mga kaso, tulad ng pag-divide ng 6971 sa pamamagitan ng 63
- Ang pag-unawa ang konsepto ng "volume", at paglutas ng mga word problems na may kasamang volume
- Pag-graph ng mga points sa coordinate plane (two dimensions) sa paglutas ng problema
- Pag-aaral ng mga math pattern ng mga relasyon nito

### Pakikipag-usap sa Guro ng Iyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 5th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pag-multiply ang pag-divide ng mga fraction at paglutas ng mga word problems na may kinalaman dito
- Decimal (konsepto at arithmetic)
- Volume (mga konsepto at paglutas ng problema)

## Tulongan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Anyayahan ang iyong mga anak na basahin ng malakas ang kanyang mga sinulat sa iba pang mga miyembro ng pamilya. Tanungin ang inyong anak tungkol sa kanyang pagpili ng mga salita at mga ideya
- Pumunta sa isang play o musical kasama ang inyong anak.  
Talakayin ang paraan kung paano binuhay ng mga aktor ang mga salita
- Talakayin ang inyong mga kwento at kasaysayan ng pamilya.  
Hikayatin ang inyong anak na magtanong sa mga kamag-anak tungkol sa kanilang buhay buhay Ilagay ang mga impormasyon sa isang album o pagtulung-tulongang mag-isip ng iba't ibang paraan kung paano sabihin ang mga kwento ng pamilya, tulad ng tula o maikling kwento

### Mathematics

- Maghanap ng mga "word problem" sa tunay na buhay. Ang ilang mga halimbawa para sa Grade 5 ay:
- Paggawa ng arithmetic gamit ang decimals, halimbawa kapag nagbabalanse ng checkbook
  - Pag-multiply ng mga fraction - halimbawa, kung ginamit mo ang  $2/3$  ng isang  $3/4$  na tasa para sukating ang sabaw ng gulay, gaano karaming sabaw ang nagamit mo? Mga gaano karami ang naiwan?
  - Paggamit ng haba, lapad, at lalim ng isang hardin para malaman kung ilang bag ng lupa ang kailangang bilhin

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng matututunan ng inyong anak sa katapusan ng 6th grade sa matematika at English language arts/literacy. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihing nakahanda siyang mabuti para sa 7th grade.

6TH GRADE

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan—isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtulungan para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 6th Grade

- Pagkakaroon ng kaalaman mula sa mga materyales na gumagamit ng maraming detalyadong diagram at datos para mapakita ang impormasyon at maisalarawan ang mga konsepto
- Pagsusuri sa mga argumento at partikular na mga pahayag sa mga nakasulat o sa sinabi, at kilalanin ang mga pahayag na suportado ng mga rason at ebidensya sa mga pahayag na hindi
- Pagpapakita ng mga pahayag sa iba ng pasalita, lohikal na pinagsusunod-sunod mga ideya, at pagdidiin ng mga pangunahing ideya o tema
- Pagsusulat ng mga maiiksing report na sumusuri sa isang paksa, may maliwanag na tutok, ang may kasamang mga katotohanang may kinalaman, mga detalye, at pagbabanggit ng mga sinabi ng iba
- Pagsasagawa ng mga maiiksing research project para masagot ang isang tanong, na hinugot galing sa iba't ibang mga pinagkunan at pagpapatalas ng tutok base sa mga nakalap sa pananaliksik
- Pagsuri at pagsabi sa ibang paraan ng mga ideya at maraming pananaw ng isang tagapagsalita
- Pagtukoy ang tamang kahulugan ng isang salita batay sa konteksto kung saan ito ay ginagamit (halimbawa, ang ilang bahagi ng pangungusap o talata; posisyon ng isang salita o gamit sa isang pangungusap)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 6th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pagbabasa ng mabuti at pagpapakita ng ebidensya galing sa grade-level fiction at nonfiction para suportahan ang pagsusuri ng mga sinasabi sa mga materyales
- Pagbuo ng isang mayamang bokabularyo ng masalimuot at sopistikadong mga salita at paggamit nito sa pagsasalita at pagsusulat ng mas tiyak at ugma

# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 6th Grade

- Pag-unawa sa mga ratio at rate, at paglutas ng mga problema na kinasasangkutan ng proporsiyonal na relasyon (halimbawa, kung inabot ng 7 oras sa pagtabas ng 4 na bakuran, at sa ganoong bilis, ilang bakuran ang matatabas sa loob ng 35 oras?)
- Pag-divide ng mga fraction ang paglutas ng mga word problems (halimbawa, gaano kalawak ang isang parihabang piraso ng lupa na may habang  $\frac{3}{4}$  milya at area na  $\frac{1}{2}$  square mile?)
- Paggamit ng positibo at negatibong mga numero ng magkasama upang ilarawan ang mga dami; pag-unawa sa pagkakasunod-sunod at ganap na halaga ng positibo at negatibong numero
- Paggawa gamit ang variables at expressions sa pamamagitan ng pag-generalize ng kung paano gumagana ang mga numero (halimbawa, pag naga-add ng mga numero, bale wala ang pagkakasunod-sunod nito, kaya  $x + y = y + x$ ; gayundin, ang mga katangian ng addition at multiplication ay maaaring gamitin para maisulat muli ang  $24x + 18 + y$  bilang  $6(4x + 3 + y)$ , o  $y + y + y$  bilang  $3y$ )
- Pagsusulat ng mga equation para malutas ang problema at mailarawan ang relasyon sa pagitan ng mga dami (halimbawa, ang layo  $D$  naglakbay sa pamamagitan ng tren sa oras  $T$  ay maaaring ipinahayag sa pamamagitan ng isang equation  $D = 85T$ , kung saan  $D$  ay milya at  $T$  ay oras)
- Pangangatwiran tungkol sa mga relasyon ng mga hugis para makuha ang area, surface area, at volume

### Pakikipag-usap sa Guro ng Iyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 6th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pagsuri at paglutas sa mga problema gamit ang mga konsepto ng ratio at rate
- Paggamit ng mga variables at expressions
- Pagsuri at paglutas ng mga word problems gamit ang equations

## Tulungan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Makinig kasama ang inyong anak sa isang reporter sa telebisyon, pulitiko, o iba pang mga speaker. Utusan ang inyong anak na sabihin sa iyo ang pangunahing mga punto ng speaker. Sinusubukan bang kumbinsihin ng speaker tungkol sa ibang bagay ang madla? Paano?
- Hikayatin ang inyong anak na matuto sa mga aklatan o sa Internet kung ano ang tulad ng buhay sa iyong komunidad 100 taon na ang nakalilipas. Pasulatin ang inyong anak ng kwento, tula, o dula tungkol sa panahong iyon

### Mathematics

- Maghanap ng mga "word problem" sa tunay na buhay. Ang ilang mga halimbawa para sa Grade 6 ay:
- Pagtukoy ng karaniwan o "average" na tulin ng isang byahe ng pamilya, base sa distasyang nilakbay at oras na kinuha ito; o pagtanya ng oras na kakainin ng isang byahe, gamit ang layo at ang tantya ng average na bilis ng takbo
  - Pagkuha ng surface area ng mga dingding at kisame sa isang silid para malaman ang gagastusin sa pagpipintura ng silid

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng matututunan ng inyong anak sa katapusan ng 7th grade sa matematika at English language arts/literacy. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihing nakahanda siyang mabuti para sa 8th grade.

7TH GRADE

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho.

Ang mga pamantayan o “standards” ay nagbibigay ng importanteng unang hakbang – isang malinaw na gabay para sa pag-aaral ng mga guro, magulang, at estudyante. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtutulong para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 7th Grade

- Pagbanggit sa ilang mga pinagkunan ng mga partikular na ebidensya galing sa isang bagay kapag nagbibigay ng pasalita o nakasulat na pagsusuri ng isang libro, sanaysay, artikulo o dula
- Pagsasaayos at pagbibigay-diin ng kanyang sariling sulatin, kasama ang mga pangsuportang pahayag at konklusyon na may ebidensya at pagpapakita na ang ebidensya ay tama at mapagkakatiwalaan
- Pagsasagawa ng pananaliksik bilang tugon sa isang partikular na tanong sa pamamagitan ng pagkuha ng ebidensya mula sa ilang mga kapani-paniwala pampanitikan o pang-impormasyong mapagkukunan upang suportahan ang isang pagtatasa o paglilimi
- Pag-iwas sa plagiarism at pagsunod sa isang standard na format para sa mga pagsipi (Halimbawa, footnote, mga bibliograpiya)
- Pagsusuri sa mga pangunahing punto at pagrarason ng speaker, pagtatanong, at pagsasabi ng kanyang labis na suportadong ideya sa isang diskusyon
- Pagpapakita ng mga pahayag at mga napag alaman sa iba na may diin sa mga pangunahing punto, pagtingin sa mga mata, pagsalita ng may tamang lakas, malinaw na pagbigkas ng mga salita, at paggamit ng formal English kapag kinakailangan ito
- Paggamit ng mga pangkaraniwang, Greek o Latin na “affixes” at “roots” bilang mga pahiwatig sa kahulugan ng isang salita (tulad ng, *semi-*, *semiannual*, *semicircle*)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 7th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pagbabasa ng mabuti at pagbanggit ng ilang mga pinagkunan ng ebidensya galing sa grade-level fiction at nonfiction para suportahan ang pagsusuri ng sinasabi ng materyal
- Pagbuo ng isang mayamang bokabularyo ng masalimuot at sopistikadong mga salita at paggamit nito sa pagsasalita at pagsusulat ng mas tiyak at ugma



# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 7th Grade

- Pag-aaral ng mga proporsyonal na relasyon (tulad ng pag-graph sa coordinate plane), at pagkilala sa proporsyonal na relasyon na galing sa ibang klase ng mathematical relationships (tulad ng, ang pagbili ng sampung katumbas ng bagay ay magagastahan ka ng sampung beses na kasing mahal, pero ang pag inom ng sampung beses na katumbas na aspirin ay hindi makakapagbababa ng iyong lagnat ng sampung beses na katumbas)
- Paglutas sa mga problemang porsyento (halimbawa, buwis, tip, tubo at pagbawas ng presyo)
- Paglutas ng mga word problems na may kumbinasyon ng whole numbers, fractions, at decimals (halimbawa, ang isang babaeng kumikita ng \$25 kada oras ay nakakatanggap ng 10% dagdag; siya ay kikita ng karagdagang 1/10 ng kanyang sweldo kada oras, o \$2.50, para sa bagong sweldo na \$27.50)
- Paglutas ng mga equation tulad ng  $1/2(x - 3) = 3/4$  mabilis at tumpak, at pagsusulat ng mga ganitong uri ng equation upang malutas ang mga word problems
- Paglutas ng mga problema may kasamang scale drawing
- Ang paggamit ng mga istatistika para makakuha ng inferences at gumawa ng mga paghahambing (halimbawa, pagpapasya kung sinong kandidato ang malamang na manalo sa eleksyon batay sa isang survey)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Iyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 7th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pinag-aaralan ang proporsyonal na relasyon
- Arithmetic na may positive at negative numbers
- Paglutas ng mga equation nang mabilis at tumpak, at pagsusulat ng mga equation para malutas ang mga word problem

## Tulungan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Bisitahin ang isang lokal na museo ng sining ng magkasama. Gumamit ng sapat na panahon para maobserbahang mabuti ang mga detalye ng mga painting o iba pang bagay ng sining at pag-uusapan ang inyong mga nakikita doon
- Tanungin ang inyong anak kung sino ang kanyang mga paboritong mga may-akda. Bakit gusto ng inyong anak ang kanilang mga libro? Ano ang mga ideya na isinusulat ng may-akda? Sino ang kanyang paboritong tauhan? Bakit? Upang makahanap ng iba pang libro para mabasa ng inyong, bisitahin ang [www.corestandards.org/assets/Appendix\\_B.pdf](http://www.corestandards.org/assets/Appendix_B.pdf)

### Mathematics

- Maghanap ng mga “word problem” sa tunay na buhay. Ang ilang mga halimbawa para sa Grade 7 ay:
- Pagbatid ng halaga ng isang 15% tip o pag-alam kung anong porsyento ng lingguhang kita ang napupunta sa buwis
  - Para sa isang long-term project, tulungan ang inyong anak na pumili ng stock at sundan ang halaga nito sa stock market gamit ang dyaryo at internet Ipa-kalkula sa inyong anak ang porsyento ng taas o baba ng stock buwan buwan

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng matututunan ng inyong anak sa katapusan ng 8th grade sa matematika at English language arts/literacy. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihing nakahanda siyang mabuti para sa high school

8TH GRADE

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan—isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtulungan para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

### Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 8th Grade

- Pagbanggit ng mga ebidensya na pinaka sumusuporta sa isang pag-aaral ng kung ano ang tahasang ipinahayag at/ ipinahiwatig na mula sa isang libro, artikulo, tula, o dula
- Sinusuri kung saan nagkakasalungat ang mga materyales na iisa ang paksa sa mga bagay na totoo, interpretasyon, o pananaw
- Pagbubuo ng pagsulat na umiikot sa mga pangunahing ideya o mga punto ng pananaw; pagsuporta ng mga ideya gamit ang matibay na pagrarason at ebidensya, tamang pagpili ng mga salita, swabeng paglipat, at iba't ibang pagkakabuo ng mga pangungusap
- Pagpapalano at pagsasagawa ng mga proyektong pananaliksik na kasama ang ilang mga hakbang at gumamit ng maraming mga kapani-paniwalang mga dokumentong nakaimprenta at digital na pinagkukunan
- Pag-aaral sa layunin ng impormasyon na ipinakita sa magkakaibang media (gaya ng print, TV, web) at pagsusuri ng panlipunan, pampulitika, o komersyal na motibo nito
- Pagpapakita sa iba ng mga natuklasan at mga pahayag, na may diin sa mga pangunahing punto na may kaugnay na ebidensya at matibay na pagrarason, paggamit ng tamang pagsasalita ayon sa mga nakikinig at pormalidad ng okasyon, at pagsagot sa mga tanong at pagkomento gamit ang mga kaugnay na obserbasyon at ideya
- Ang paggamit ng malakas ataktibong mga pandiwa upang lumikha ng isang malinaw na larawan para sa mga mambabasa (tulad ng, *walk, skip, meander, lurch, limp* o *maglakad, laktawan, magpasikot-sikot, magpabaya, humingkod*)
- Pagbibigay-kahulugan sa mga figures of speech (tulad ng, pambabaligtad, mga bugtong) at pagbuo ng isang malawak ng bokabularyo ng pangkalahatang pang-akademikong mga salita at parirala

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatiliing nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 8th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Pagbabasa ng mabuti at pangangalap ng ebidensya mula sa grade-level fiction at nonfiction na mga gawa na pinakamalakas na nagsusuporta sa pagsusuri ng materyal
- Pagbuo ng isang mayamang bokabularyo ng masalimuot at sopistikadong mga salita at paggamit nito sa pagsasalita at pagsusulat ng mas tiyak at ugma

# Mathematics

## Isang Sample ng Gagawin ng Inyong Anak sa 8th Grade

- Pag-unawa sa slope, at pag-uugnay ng mga linear equations sa loob ng dalawang variables sa coordinate plane
- Paglutas sa linear equation (halimbawa,  $3x + 5(x + 1/3) = 2x - 8$ ); Paglutas ng pares na linear equation (eg,  $x + 6y = -1$  at  $2x - 2y = 12$ ); at pagsusulat ng mga equation upang malutas ang mga kaugnay na word problems
- Pag-unawa sa mga functions bilang mga patakaran na nagtatakda ng isang natatanging numerong kinalabasan sa bawat numerong pinasok; paggamit ng linear functions model relasyon
- Pag-aaral ng statistical relationships sa pamamagitan ng paggamit ng isang "best-fit line" (isang tuwid na linya na nagpapakita ng asosasyon sa gitna ng dalawang dami)
- Paggawa gamit ng positive at negative exponents, mga simbolo ng square root at cube root, at scientific notation (eg, pagsusuri ng  $36 + 64$ ; pagtanyang sa populasyon mundo bilang  $7 \times 10^9$ )
- Pag-unawa sa pagkakasang-ayon at pagkakatulad gamit ang physical models, mga transparency, o geometry software (halimbawa, sa dalawang magka-ayong pigura, ipakita kung paano makuha ang isa mula sa isa gamit ang pagkakasunod-sunod ng mga rotation, translation, at/o reflection)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Iyong Anak

Kapag nakikipag-usap ka sa guro, huwag mag-alalang mapag-uusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa 8th grade, kinabibilangan ito ng mga:

- Mga linear equation na may isa at dalawang variable
- Mga Function
- Pagkakasang-ayon at pagkakatulad ng mga geometric figure

## Tulongan ang Inyong Anak na Matuto sa Bahay

Subukang gumawa ng isang tahimik na lugar para makapag-aral dito ang inyong anak, at maglagay ng oras *araw-araw* para makapag-concentrate ang inyong anak. Dapat mo ring subukang umupo kasama ng inyong anak ng hindi bababa sa isang beses sa isang linggo nang 15-30 minuto habang siya ay gumagawa ng homework. Sa paggawa nito, malalaman mo ang ginagawa ng inyong anak, at ikaw rin ang unang makakaalam kung kailangan ng inyong anak ng tulong sa mga partikular na paksa. Bukod pa rito, narito ang ilang mga gawaing maaari mong gawin kasama ng inyong anak para masuportahan ang pag-aaral sa bahay:

### English Language Arts & Literacy

- Maglaan ng oras sa abalang oras ng bawat isa para sa mga talakayan ng pamilya tungkol sa mga nangyayari sa mundo. Ang mga katapusan ng linggo ay pagkakataon para makapag-kwentuhan ang lahat
- Bisitahin ang campus ng isang lokal na kolehiyo kasama ang inyong teenager. Maagang simulan ang pag-uusap tungkol sa kolehiyo. Ano ang siya o inaasahan niya sa kolehiyo? Ano ang mga high school course na dapat ipasa ng inyong anak sa paghahanda para sa kolehiyo?

### Mathematics

Tanungin ang inyong anak kung ano sa mga ginagawa nya sa math class ang pinaka nagbibigay sa kanya ng interes. Ang ilan sa mga posibilidad ay:

- Paglutas ng mga kawili-wiling mga problema sa may kinalaman sa cylinders at spheres, gaya ng pag-alam kung gaano karaming tubig an kakasya sa loob ng isang garden hose, o ilang mundo ang kakasya sa araw
- Pag-aaral ng mga data gamit ang scatterplot, halimbawa sa pagpasiya kung ang ehersisyo at katabaan ay magkaugnay

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

## HIGH SCHOOL ENGLISH

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng isang pangkalahatang-ideya ng kung ano ang matututunan ng inyong anak sa high school sa English language arts. Ang gabay na ito ay batay sa bagong Common Core State Standards, na kung saan ay ginagamit na ng higit pa sa 45 na mga estado. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihing nakahanda siyang mabuti para magtagumpay pagkatapos ng graduation.

### Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Nagbibigay ng mahalagang unang hakbang ang mga pamantayan—isang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, mga magulang, at mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtulungan para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## English Language Arts & Literacy

Upang maging handa para sa kolehiyo at karera, ang mga mag-aaral sa high school ay natututong mag-aral ng mga kumplikadong argumento at daigin ang mga pagsubok na dala ng mga kumplikadong nakasulat na materyal ng mag-isa at may kumpiyansa. Sa pamamagitan ng malawak at malalim na pagbabasa ng panitikan at pampanitikang nonfiction ng patuloy na pagtaas ng pagiging sopistikado, pinalalawak ng mga estudyante ang kanilang kaalaman sa panitikan at kultura at ginagalingan ang pag-intindi sa mga kaukulan at mga imahe. Natututo din nila ang pag-angkop, pagtutok, at galing sa paggawa ng mga de-kalidad ng unang pasada ng pagsulat sa ilalim ng

maikling binigay na panahon. At kaya din nilang bisitahing muli at pagandahin pa ang mga sulating ito kahit na kailanganin pa ang madaming pasada. Kinakabisado at magaling na ginagamit nila ang mga kinakailangang

“patakaran” ng isang karaniwang isinusulat at pasalitang Ingles at ayusin ang mga isyu sa paggamit sa pamamagitan ng gabay sa estilo at paggamit. Sa pamamagitan ng pagsulat at paglahok sa iba't-ibang mga pag-uusap, iginigiit nila at ipinagtatanggol ang mga pahayag at ipinapakita nila kung ano ang kinilang nalalaman tungkol sa isang paksa gamit ang mga naaangkop ng mga halimbawa at ebidensya.

### Isang Pangkalahatang-ideya ng Trabahong Gagawin ng Inyong Anak sa High School Para Maging Handa sa Kolehiyo at Karera

#### Pagbabasa

- Higit na pag-unawa at paggamit ng husto ng mga nakasulat na materyales, kasama ang paggamit ng mas malawak na hanay ng ebidensya para suportahan ang isang pag-aaral
- Ang paggawa ng mas maraming koneksyon kung paano nag-uugnay at nagbubuo ang mga kumplikadong ideya sa isang libro, sanaysay, o artikulo
- Pagsusuri ng mga argumento at partikular na mga paglalahad, sinusukat kung may bisa ba ang pangangatwiran o sapat ba ang ebidensya, at kung angkop, hinahanap ang mga hindi nagtutugma at mga alanganin
- Pag-aaral ng kahulugan ng foundational na dokumento ng U.S. (ang Declaration of Independence, ang Preamble to the Constitution, ang Bill of Rights)

#### Pagsusulat

- Paggawa ng isang argumento na lohikal, matibay ang pagrarason, at suportado ng ebidensya
- Pagsusulat ng isang pampanitikang pag-aaral, ulat, o buod na bumubuo ng isang pangunahing ideya at ugmang tumbok at suportado ng kaugnay na mga halimbawa, mga katotohanan, at detalye
- Pagsasagawa ng iba't-ibang mga proyekto sa pananaliksik na tumutugon sa iba't-ibang aspeto ng isang paksa, gumagamit ng mas kumplikadong mga aklat, artikulo, at iba pang mapagkukunan

### Pagsasalita at Pakikinig

- Pagtugon ng mapanimdimin sa mga magkakaibang pananaw; pagsasama-sama ng mga komento, pahayag, at ebidensya na ginawa sa lahat ng panig ng isyu; at paglutas sa mga pagtatalo kung posible
- Pagbabahagi ng mga pananaliksik, napag alaman, at ebidensya ng malinaw at dagli
- Madiskarteng paggamit ng mga digital na media (tulad ng mga animation, video, website, mga podcast) upang mapahusay ang pag-unawa sa mga natuklasan at upang makadagdag ng interes

### Wika

- Pagtukoy o pagpapaliwanag sa mga kahulugan ng mga salita at parirala ang angkop na pagpili mula sa ilang diskarte, tulad ng paggamit ng konteksto, Greek at Latin roots (halimbawa, *bene* bilang sa *benefactor* o *benevolent*), muwestra ng mga salita (umisip, isinasaisip, maiisip), at pagkonsulta sa mga pinasadyang materyales na mapagkukunan.
- Pagbibigay-kahulugan sa mga figure of speech (eg, hyperbole, paradox) sa konteksto at pag-aaral ng kanilang papel sa nakasulat na materyales



### Pakikipag-usap sa Guro ng Iyong Anak

Kapag makikipag-usap ka sa mga guro, huwag mag-alala kung hindi mapaguusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihin nakatutok ang pag-uusap sa mga pinakamahalagang paksa. Sa high school, kabilang dito ang:

- Pagiging sanay sa pangangalap ng impormasyon, pagsusuri ng pinagmulan, at na nagbabanggit ng materyal ng tama
- Ipilit at ipagtanggol ang mga pahayag, masabi kung ano ang kaniyang pagkakaintindi, at pagbanggit ng mga materyal ng tama
- Pagsasalita ng malinaw at naaangkop, pakikinig ng taos kapag nagtatalakay ng mga napag alaman at ebidensya, at pagpapalakas ng mga magagandang ideya ng iba habang papilit na ipinahahayag ang kaniyang sariling mga ideya

### Magulang: Pagpaplano para sa Kolehiyo at Karera

Sa simula ng high school, makipag-usap sa guro ng inyong anak, counselor o ibang tagapayo para talakayin ang mga dapat gawin para maka-graduate ang inyong anak, ang mga layunin niya, at ang kanyang mga plano pagkatapos ng high school. Lumikha ng isang plano ng magkasama upang matulungan ang inyong anak na maabot ang mga layunin niya. Ang planong ito ay dapat kasama:

- Ang isang naaangkop na sunud-sunod na kurso upang matugunan ang mga layunin ng inyong anak
- Ang pinaka-naaangkop na extracurricular activities para sa inyong anak

- Ang iyong plano upang matulungan ang inyong anak maghanda para sa kolehiyo o karera.  
Halimbawa, kung ang inyong anak ay interesado sa isang partikular na paksa, tignan kung mayroong internship para mabuo ang kanyang karanasan sa pagtatrabaho sa paksang iyon
- Ang paghahanap ng mga paraan upang makapagbayad para sa kolehiyo o advanced na pagsasanay

Para sa karagdagang impormasyon, ang buong pamantayan ay available sa [www.corestandards.org](http://www.corestandards.org)

# Gabay ng Magulang sa Tagumpay ng

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya kung ano ang matututunan ng inyong anak tungkol sa Mathematics sa high school. Ang gabay na ito ay batay sa bagong Common Core State Standards, na pinagtibay ng higit sa 45 na mga estado. Kung ang inyong anak ay nakakatugon sa mga inaasahan na ibinalangkas sa mga pamantayang ito, ibig sabihin nakahanda siyang mabuti para magtagumpay pagkatapos ng graduation.

**HIGH SCHOOL  
MATH**

## Bakit Mahalaga Ang Mga Akademikong Pamantayan?

Ang mga akademikong pamantayan ay mahalaga dahil matutulungan nilang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral, saan man sila nakatira, ay handa para sa tagumpay sa kolehiyo at sa pagtatrabaho. Ang mga pamantayan ay nagbibigay ng importanteng unang hakbang – ang malinaw na gabay sa pag-aaral para sa mga guro, magulang at estudyante. Ang pagkakaroon ng malinaw na tinukoy na mga layunin ay tumutulong sa mga pamilya at mga gurong magtulungan para matiyak na magtatagumpay ang mga mag-aaral. Matutulungan din ang inyong anak na bumuo ng mga kritikal na mga kasanayan sa pag-iisip na maghahanda sa kanya para sa kolehiyo at karera.

## Mathematics

Ang kakayahan sa numero at quantitative reasoning ay nananatiling importante kahit na nakausad na ang mga estudyante sa algebra. Importante ang algebra, functions, at geometry hindi lamang bilang mathematical subjects pero dahil na din ito ang mga lengwahe ng mga technical subjects at mga science. At sa isang mundong mayaman sa data, ang istatistika at probabilidad ay nagbibigay ng mahuhusay na pamamaraan ng pagkuha ng konklusyon mula sa

data at pagharap sa kawalan ng katiyakan. Ang mga pamantayan ng high school ay nagbibigay diin sa malikhaing paggamit ng mathematics para pag-aralan ang mga sitwasyon sa tunay na buhay – ito ay aktibidad na minsang tinatawag na “mathematical modeling.”

Ang mga pamantayan ng high school ay nakaayos sa anim na mga pangunahing lugar ng nilalaman: Numero at Dami; Algebra; Functions; Modeling; Geometry; and Statistics at Probability.

## Isang Pangkalahatang-ideya ng Trabahong Gagawin ng Inyong Anak sa High School Para Maging Handa sa Kolehiyo at Karera

### Numero at Dami

- Paggamit ng rational at irrational numbers, kabilang na ang paggamit ng mga rational exponents (eg, muling pagsusulat ( $5^3$ )<sup>1/2</sup> bilang  $5\sqrt{5}$ )
- Paglutas ng mga problema na may malawak na mga unit at paglutas ng mga problema sa pamamagitan ng pag-isip ng mga units (halimbawa, “Ang Trans Alaska Pipeline System ay 800 milya ang haba at nagkakahalaga ng \$8 bilyon upang matayo. I-divide ang isa sa mga numero ng kabilang numero. Ano ang ibig sabihin ng sagot?”; “Ang Greenland ay may populasyong 56,700 at isang lupa na may lawak na 2,175,600 kilometrong parisukat. Anong factor ay ang kakapalan ng populasyon ng Estados Unidos, na 80 tao kada square mile, ay mas malaki sa kakapalan ng populasyon ng Greenland?”)

### Algebra

- Paglutas ng mga maktotohanan at mathematical na problema sa pamamagitan ng pagsulat at paglutas ng mga nonlinear equation, gaya ng quadratic equation  $x^2 + x + c = 0$
- Pagbibigay-kahulugan sa algebraic expression at sadyang pagbabago ng mga ito upang malutas ang mga problema (gaya ng, paglutas ng problema tungkol sa isang pautang na may interes  $r$  at prinsipal  $P$ , nakikita ang  $P$  expression  $(1 + r)^n$  bilang isang produkto ng  $P$  na may factor na di depende sa  $P$ )

## Mga Function

- Pinag-aaralan ang mga functions algebraically at graphically, at paggamit ng mga function na nakalatag sa iba't ibang porma (halimbawa, gamit ang graph ng isang quadratic function at ang algebraic expression para sa isa pa, sabihin kung alin ang may mas malaking maximum)
- Paggamit ng mga pamilya ng functions at pag-unawa sa kanilang mga galaw (Tulad ng mga linear, quadratic, at exponential function)

## Pagmomodelo

- Pag-aaral ng mga totoong sitwasyon gamit ang mathematics para maintindihan ng mas mabuti ang sitwasyon at painamin, ayusin, o gumawa ng impormadong desisyon (tulad ng, pagtanya ng pangangailangan sa tubig at pagkain sa isang lugar ng kalamidad, o gamit ang mga volume formula at graph upang mahanap ang isang pinakamainam na laki para sa isang pang-industriyang package)

## Geometry

- Nagpapatunay ng mga theorem tungkol sa triangles at iba pang mga numero (eg, na ang mga anggulo sa isang tatsulok ay nagsusuma ng 180<sup>o</sup>)
- Paggamit ng coordinates at mga equation upang ilarawan ang katangiang geometric na algebraically (eg, pagsusulat ng mga equation para sa isang bilog sa patag na may tinukoy na gitna at radius)

## Istatistika at Probability

- Paggawa ng mga paghango at mga kongklusyong nagpapatunay galing sa mga sample survey, experiment, at observational studies
- Paggamit ng probability at paggamit ng mga ideya galing sa probabilidad ng pang-araw-araw na sitwasyon (halimbawa, pagkumpara ng pagkakataon ng mga taong naninigarilyo na magkaroon ng kanser sa pagkakataon na ang taong nagkaroon ng kanser ay naninigarilyo)

### Pakikipag-usap sa Guro ng Inyong Anak

Kapag makikipag-usap ka sa mga guro, huwag mag-alala kung hindi mapaguusapan ang lahat ng bagay. Sa halip, panatilihing nakatutuok ang pag-uusap sa pinakamahahalagang bagay. Magtanong ng mga tulad ng:

- Kumportable ba ang aking anak sa paggamit ng coordinates sa algebra at geometry?
- Kaya bang pagpira-pirasuhin ng akong anak ang mga kumplikadong problema at gamitin ang math na alam nya sa mga problemang maliban sa math?
- May kaalaman ba ang aking anak na matutuo ng advanced mathematics pagkatapos ng high school kung gusto niya?
- Humingi ng mga sample ng gawa ng inyong anak. Itanong sa guro ang mga tulad ng: Pasado ba ang trabahong ito? Paano ito mas mapapahusay? Paano ko matutulungan ang anak ko para mahusayan pa o gumaling sa bagay na ito?

## Magulang: Pagpaplano para sa Kolehiyo at Karera

Sa simula ng high school, makipag-usap sa guro ng inyong anak, counselor o ibang tagapayo para talakayin ang mga dapat gawin para maka-graduate ang inyong anak, ang mga layunin niya, at ang kanyang mga plano pagkatapos ng high school. Lumikha ng isang plano ng magkasama upang matulungan ang inyong anak na maabot ang mga layunin niya. Ang planong ito ay dapat kasama:

- Ang isang naaangkop na sunud-sunod na kurso upang matugunan ang mga layunin ng inyong anak
- Ang pinaka-naaangkop na extracurricular activities para sa inyong anak

- Ang inyong plano upang matulungan ang inyong anak maghanda para sa kolehiyo o karera.

Halimbawa, kung ang inyong anak ay interesado sa isang partikular na paksa, tignan kung mayroong internship para mabuo ang kanyang karanasan sa pagtatrabaho sa paksang iyon



**National**  
**PTA**<sup>®</sup>  
*everychild. one voice.*<sup>®</sup>

**National Office**  
1250 North Pitt Street  
Alexandria, VA 22314  
Toll-Free: (800) 307-4PTA (4782)  
Fax: (703) 836-0942  
[PTA.org](http://PTA.org)

**California State**  
**PTA**<sup>®</sup>  
*everychild. onevoice.*

